Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-11 NG HULYO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 77-2022**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MULING HUMIHILING SA SENADO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, SA PAMAMAGITAN NI IGG. JUAN MIGUEL F. ZUBIRI, INCOMING SENATE PRESIDENT, NA MAAMYENDAHAN ANG NALIKHANG BATAS SA PAGIGING LUNGSOD NG MALOLOS, NA ITO AY MAGING TANGING DISTRITO NG LALAWIGAN NG BULACAN, BILANG PAGKILALA AT PAGPAPAHALAGA SA PAGIGING LIKMUAN NITO NG UNANG REPUBLIKA NG PILIPINAS AT UNANG REPUBLIKA NG ASYA.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG.VICTORINO M. ALDABA III,KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** noong taong 1999, ang Kongreso ng Pilipinas ay nagpapasa ng isang batas na makilala bilang Republic Act No. 8754, "An Act Converting the Municipality of Malolos, Province of Bulacan into a Component City to be known as the City of Malolos" na inakda ni Kinatawan Wilhelmino SY Alvarado, sa ngayon ay Bise-Gobernador ng Lalawigan ng Bulakan;

**SAPAGKAT,** hayag at batid hindi lamang sa lahat ng mga mamamayan ng Lungsod ng Malolos at sa buong Lalawigan ng Bulacan, maging ng sambayanang Pilipino ang naging mahalagang bahagi ng Lungsod ng Malolos sa kasaysayan ng Bansang Pilipinas, na kung saan dito itinatag ang Unang Republika ng Pilipinas, dito rin ginanap ang unang sesyon ng Kongreso ng Pilipinas at gayundin dito rin binalangkas ang Malolos Constitution, mahigit isandaang taon na ang nakakalipas;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang patuloy na paglaki ng populasyon na mayroong 261,181 na sa kasalukuyan sa buong lungsod na binubuo ng limampu't isang (51) barangay, ay nangangailangan na magkaroon ng sariling Kinatawan sa Mababang Kapulungan ng Kongreso, hindi lamang upang manatili sa alaala ng mga Pilipino ang mahalagang naging ambag ng Lungsod ng Malolos sa nasabing kasaysayan ng bansang Pilipinas, kung hindi upang lalong mapataas ang antas na panlipunan at ekonomiyang katayuan nitong tinatamasa sa kasalukuyan;

**SAPAGKAT,** mula taong 2007 ay ipinahayag ng mabunying Sangguniang ito ang kahilingang maging bukod at Natatanging Distritong Pang-Kongreso ang Lungsod ng Malolos sa bisa ng Kapasiyahang Panlungsod Blg. 92-2007 at Kapasiyahan Blg. 98-2007 at Kapasiyahan Blg. 104-2007;

**SAPAGKAT,** muling nagpatibay ang Sangguniang Panlungsod noong taong 2015 sa ilalim ng Kapasiyahang Panlungsod Blg. 127-2015 na nagpapahayag ng pagtangkilik at pagsuporta sa House Bill No. 655;

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng City Resolution No. 183 at 184-2016 ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos ay ipinahayag ng kasapian nito ang muling panawagan at kahilingang maging isang ganap na "Lone District" ang Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** muli sa pamamagitan ng pagtataguyod ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista, ay nagpatibay ang Sangguniang Panlungsod noong taong 2020 sa ilalim ng Kapasiyahang Panlungsod Blg. 23-2020 na nagpapahayag ng pagtangkilik at pagsuporta sa House Bill No. 655;

**SAPAGKAT,** upang magkaroon ng katuparan ang pagiging Lone District ng Lungsod ng Malolos at magkaroon ng sariling kinatawan sa Mababang Kapulungan ng Kongreso ay kinakailangan na maamyendahan ang Section 57 ng Republic Act No. 8754 na binabanggit sa itaas na gaya ng mga sumusunod:

> "Section 57. Representative District. Until otherwise provided by law, the City of Malolos shall continue to be part of the First Congressional District of Bulacan Province."

at sa halip ay gawing gaya ng mga sumusunod:

> "Section 57. Representative District. The City of Malolos shall become a Lone District and have its own Representative District to commence in the next National Election after the effectivity of this Act."

Kung kaya

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. **Nino Carlo C. Bautista** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na **MULING HUMIHILING SA SENADO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, SA PAMAMAGITAN NI IGG. JUAN MIGUEL F. ZUBIRI, INCOMING SENATE PRESIDENT, NA MAAMYENDAHAN ANG NALIKHANG BATAS SA PAGIGING LUNGSOD NG MALOLOS, NA ITO AY MAGING TANGING DISTRITO NG LALAWIGAN NG BULACAN, BILANG PAGKILALA AT PAGPAPAHALAGA SA PAGIGING LIKMUAN NITO NG UNANG REPUBLIKA NG PILIPINAS AT UNANG REPUBLIKA NG ASYA.**

**PINAGTIBAY.**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. TERESE CHERYL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
July 14, 2022
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
**Punong Lungsod**

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*07112022